

OPISYAL NA PAHAYAG

Pebrero 12, 2021

Pakikipag-ugnay: Jennifer Carey, Opisyal ng Pakikipag-ugnay sa Komunidad,
Kagawaran ng Public Works, 562.500.9177, Jennifer.Carey@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Nagbibigay ng Karagdagang Suporta ang Lungsod ng Long Beach sa mga Lokal na Negosyo sa pamamagitan ng Atlantic Avenue Open Streets

Long Beach, CA – Bilang bahagi ng patuloy na pagsisikap ng Lungsod ng Long Beach na magbigay ng COVID-19 na suporta sa mga lokal na negosyo, nagsimula na ang pag-install para sa isang lokasyon para sa Atlantic Avenue Open Streets, na matatagpuan sa pagitan ng East Claiborne Drive at East Armando Drive, na nag-aalok ng panlabas na espasyo para sa mga negosyo na magagamit para sa kainan at iba pang naaprubahang serbisyo.

“Kritikal na patuloy nating gawin ang lahat upang suportahan ang mga lokal na negosyo para kapag natalo ang COVID-19, ang ekonomiya ng Long Beach ay makakabalik nang mas mahusay kaysa sa dati,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Ang pagpapalawak ng aming Open Streets na Programa ay nagbibigay-daan sa amin upang makipagtulungan sa aming komunidad na makapagbigay ng ligtas na paraan upang patuloy na umunlad ang mga negosyo.”

Pansamantalang nilimitahan ang trapiko ng sasakyan sa isang linya sa bawat direksyon sa Atlantic Avenue sa pagitan ng East Claiborne Drive at East Armando Drive upang mapaunlakan ang lokasyon ng Open Streets. Ang mga negosyo ay gagamit ng mga sidewalk sa silangang bahagi ng Atlantic Avenue upang mapalawak ang puwang ng negosyo. Magtatampok ang kanlurang bahagi ng Atlantic Avenue ng naka anggulo na paradahan upang madagdagan ang mga puwang sa paradahan. Ang pag-install ng Open Streets ay inaasahang makukumpleto sa kalagitnaan ng susunod na linggo, na hadlangan ang mga pagkaantala sa panahon.

Ang Programa ng Open Streets ay inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Long Beach noong Hunyo 2020 bilang tugon sa pagsasara ng Mga Order sa Kalusugan ng Estado sa panloob na kainan at iba pang mga serbisyo at industriya dahil sa COVID-19. Sa ngayon, higit sa 100 mga lokasyon ng parklet ang na-install sa buong lungsod. Ang mga negosyong interesado sa pagpapatakbo ng isang pansamantalang parklet o sidewalk na kainan ay maaaring magsumite ng isang [Application ng Parklet](#). Ang detalyadong impormasyon sa kung paano sumali ay makikita din sa [webpage ng Negosyo ng Open Streets](#).

"Masaya akong makita ang Programang Open Streets na nagpapalawak at nagbibigay daan para sa mga negosyo ng Atlantic Avenue na magamit ang pampublikong puwang upang buksan at mapaglingkuran ang aming komunidad," sabi ng Konseho ng Lungsod ng Long Beach na si Al Austin. "Kami ay magpapatuloy na tumingin ng mga makabagong paraan upang sabay na mapabuti ang kaligtasan at matulungan ang aming maliliit na negosyo."

Ang mga kalapit na residente at negosyo ay inabisuhan tungkol sa proyektong ito ng mga hanger sa pinto at flyer. Ginanap din ang isang pagpupulong sa komunidad upang humingi ng mga puna mula sa mga residente at may-ari ng negosyo.

Ang lokasyon ng Atlantic Avenue Open Streets ay magpapatuloy hanggang sa hindi na kinakailangan ang mga serbisyonag naka-pisikal na distansya. Ang lokasyon ay susuriin sa isang dalawang lingguhang batayan upang patuloy na subaybayan ang mga epekto sa trapiko at kaligtasan ng publiko. Maaaring kailanganin ang mga posibleng pagbabago upang matugunan ang anumang mga kasalukuyang isyu sa panahon ng pilotong proyektong na ito.

Tungkol sa Lungsod ng Long Beach

Tahanan ng humigit-kumulang na 470,000 katao, ang maramihang award-winning at makabagong Lungsod ng Long Beach ay nag-aalok ng lahat ng mga world-class na mga amenidad ng isang malaking metropolitan na lungsod habang nagpapanatili ng isang pakiramdam ng indibidwal at magkakaibang kapitbahayan na magkakasama sa baybayin ng California. Bilang isang buong-serbisyonag charter na lungsod, ang Long Beach ay tahanan ng Queen Mary, Aquarium of the Pacific, maraming mga museo at sinehan, isang mataas na rating na school distrito, Long Beach Airport, at ang Port of Long Beach. Ang Lungsod ay mayroon ding iginagalang na unibersidad at kolehiyo ng

lungsod, dalawang makasaysayang rancho, limang ospital, limang golf course, 171 parke, milya ng mga beach, mga marina, at mga landas ng bisikleta.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Lungsod ng Long Beach, bumisita sa <http://longbeach.gov/>. Sundan ang @LongBeachCity sa social media upang malaman ang pinakabagong balita: Facebook, Twitter, Instagram at YouTube.

Tungkol sa Public Works

Ang Kagawarang ng Public Works ng Long Beach ay nagsisikap na magpatakbo, magpanatili, at magpahusay ng pisikal na imprastruktura at mga sistema ng transportasyon ng Lungsod, pati na rin ang pagpapanatili ng pangangalaga ng cityscape na may matatag na serbisyo sa pag-refuse at pag-recycle na nagsisilbi ng higit sa 120,000 na mga residensyal at kormersyal na mga kustomer. Ang Kagawaran ay nagbibigay ng iba't ibang serbisyo sa komunidad kabilang ang pag-ayos, rehabilitasyon, at pangkalahatang pangangalaga ng kalye ng Lungsod, mga puno, sidewalk, at istruktura ng Lungsod. Ang Public Works ay nagbibigay rin ng serbisyo ng emerhensiyang suporta sa buong Lungsod.

Bisitahin kami sa <http://longbeach.gov/pw/> at i-Like kami sa [Facebook](#), at sundan kami sa [Twitter](#) at [Instagram](#).

###